2010 Pebrero タガログ語

# KIAN Kumusta Kawasaki

おかげさまで20周年 20th Anniversary 2009

KAWASAKI INTERNATIONAL ASSOCIATION NEWS

Inilathala sa wikang: Ingles,Intsik,Koryano,Espanyol, Portugal,Tagalog at Madaling Nihonggo

Matatagpuan ang isyu na ito sa HP (http://www.kian.or.jp/hlkwsk.html).

## Aplikasyon: *Kawasaki City Representative Assembly for Foreign Residents 8th term*

Maging Representatibo at ipaabot ang inyong Layunin sa Kawasaki City

Panahon ng paninilbihan: Abril 1, 2010 hanggang Marso 31, 2012 (2 taon)

Bilang ng taong kakailanganin: 26 katao

Palugit ng pangangailangan (pag-aaplay) Oktubre 1, 2009(huwebes) hanggang Enero 15, 2010

Mga kwalipikasyon: 1) May edad na 18 taon pataas sa Abril 1, 2010 2) Rehistrado bilang dayuhang mamamayan ng Kawasaki mula Abril 1, 2009 at patuloy na maninirahan sa lugar na ito. 3) Nakakaintindi ng salitang Hapon (hindi pwedeng sumali ang mga nanilbihan ng magkasunod na term ( 6th at 7th term)

Paraan ng pamimili: Unang pagpipili pagpipili sa pamamagitan ng dokumento Enero 29, 2010 (Biyernes)

Pangalawang pagpipili: Interbyu Pebrero 14, 2010 (Linggo)

Para sa iba pang impormasyon:Kawasaki shi Shimin・ Kodomo kyoku・ Jinken/ danjo kyoudou sankaku shitsu

〒210-8577 Kawasaki shi Kawasaki ku Miyamoto cho 1

Email 25gaikok@city.kawasaki.jp

Tel: 044-200-2359 Fax: 044-200-3914

## Araw ng serbisyo sa city at ward offices

*Pangkaraniwang araw ng serbisyo sa pagtatapos ng taon at bagong taon sa mga tanggapang pampamahalaan ay sa-ika-28 ng Disyembre(Lunes) at mag-uumpisa naman sa ika-4 ng Enero(Lunes). Gayundin ang mga ward offices at mga sangay nito na GYOUSEI SABISU KO-NA. Sa loob ng ika-29 araw hanggang ika-3 araw sa panahon ng pistang opisyal na ito, ang mga aplikasyon na may kaugnayan sa pagpapa-rehistro ng tirahan ay tinatanggap sa guard house ng ward office. Ang tanggapan naman ng Bus sa Siyudad ay patuloy na maninilbihan sa pagbebenta ng bus card, pases at tiket hanggang sa oras ng alas-7 ng gabi. Sarado naman ang tanggapan ng bigayan ng Pases ng pagsakay. Ang konsultasyon para sa mga inaabusong bata (child-abuse) pagrereport ay tinatanggap 24 oras sa teleponong 0120-874-124.*

### *Espesyal na Konsierto para sa Kawasaki at Baltimore's 30th Anibersaryo*

*Kailan:* ● ika-17 ng Enero (Linggo) 14:00 sa Black hole, Senzoku Gakuen College of Music (LIBRE ika-19 ng Enero (Martes)

● ika-19 ng Enero (Martes) 18:30 Kawasaki International Center (1000yen kasama ang bayad ng meriyenda pagkatapos ng konsiyerto may gaganaping pagtitipon.

● Ika-23 ng Enero (Sabado) 14:00 Showa Ongaku Daigaku

*3 konsiyertos ng Jazz ang gaganapin sa Enero 2010 Upang ipagdiwang ang ika-30th Anibersaryo ng Kawasaki at Baltimore!!!*

**LIBRENG PAGPAPAYO PARA SA MGA DAYUHAN**
**SA KAWASAKI INTERNATIONAL ASSOCIATION**




Iskedyul ng Konsultasyon 『10:00 ~ 12:00 13:00 ~ 16:00』

| | |
|---|---|
| Tagalog | Martes at Miyerkoles |
| Espanyol | Martes at Miyerkoles |
| Koryano | Martes at Huwebes |
| Ingles | Lunes ~ Sabado |
| Intsik | Martes, Miyerkoles at Biyernes |
| Portugis | Martes at Biyernes |

Tinatanggap din ang konsultasyon sa wikang hapon

*Libreng Konsultasyon sa Gyouseishoshi
*Enero 17th, 2010*
2F Kawasaki International Center



**Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki 044-435-7000**

## Emerhensiyang pagamutan/klinika sa araw ng pahinga at pistang opisyal

*Sa biglaang pagkakasakit, pagkakaroon ng lagnat, para sa unang hakbang ng pagpapagamot sa araw ng pahinga at pistang opisyal, maaaring magpakita sa mga Holiday Emergency Clinics. Kabilang sa mga uri ng pagamutan ang NAIKA(internal) at SHOUNIKA(pediatrics). Ang mga araw ng check-up ay tuwing Linggo, pistang opistyal at ika-29 ng Disyembre hanggang ika-3 ng Enero nitong bagong taon.*

*Ang check-up ay simula alas 9 hanggang alas 11:30 ng umaga, 13:00 hanggang 16:00 ng hapon*

*Telepono ng Holiday Emergency Clinics*

| | |
|---|---|
| *Kawasaki Emergency Clinic* | *044-211-6555* |
| *Saiwai Emergency Clinic* | *044-555-0885* |
| *Nakahara Emergency Clinic* | *044-722-7870* |
| *Takatsu Emergency Clinic* | *044-811-9300* |
| *Miyamae Emergency Clinic* | *044-853-2133* |
| *Tama Emergency Clinic* | *044-933-1120* |
| *Asao Emergency Clinic* | *044-966-2133* |



*Ang oras ng tanggapan ay maaaring magbago ng walang abiso kaya't mangyaring tumawag muna bago magsadya sa nais puntahang klinika.*

## Araw ng kolekta ng basura nitong pistang opisyal



*Ang pangungolekta ng basura nitong pagtatapos ng taon para sa lugar na ang araw ng koleksyon ay Lunes, Miyerkoles at Biyernes ay hanggang ika-30 ng Disyembre.*

*Para naman sa lugar na ang araw ng koleksyon ay Martes, Huwebes at Sabado ay hanggang ika-31 ng Disyembre. Muling mag-uumpisa ang koleksyon para sa lugar na pang- Lunes, Miyerkoles at Biyernes sa ika-4 ng Enero. Ang pang-Martes, Huwebes at Sabado naman ay ika-5 ng Enero.*

*Para sa recyclable na basura ay: ika-29 ng Disyembre sa pagtatapos ng taon at ito'y magsisimula ng ika-6 ng Enero. Ang koleksyon ng mga malalaking basura ay inaaplayan sa pamamagitan ng pagtawag o aplikasyon sa internet bago ito itapon. Sa mga nagbabalak tumawag para sa aplikasyon sa pagtapon ng malalaking basura, maaaring tumawag hanggang ika-30 ng Disyembre sa pagtatapos ng taon at ika-4 ng Enero sa pagpasok ng bagong taon.SOUDAI GOMI UKETSUKE CENTER : 044-930-5300 mula sa oras ng 8:00 am hanggang 4:30 pm samantalang sa mga aplikasyon sa Homepage ng Kawasaki City sa pamamagitan ng internet ay 24 oras sa buong araw ng taon. Para sa iba pang detalye, tunghayan ang Kawasaki City HP o magtanong sa SEIKATSU KANKYOU JIGYOUSHO na malapit sa inyong tirahan.*